

Pahintulot ng Magulang sa Paglahok sa Pananaliksik

Hinihiling sa iyo na payagan ang iyong anak na lumahok sa pananaliksik. Bago ka sumang-ayon, dapat ay mabigyan ka ng buod ng pananaliksik. Naglalaman dapat ang buod na ito ng mahahalagang impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang mga dahilan kung bakit mo gugustuhin o hindi gugustuhin na lumahok sa pananaliksik ang iyong anak.

Bago ka sumang-ayon, kailangang sabihin sa iyo ng imbestigador ang tungkol sa:

- (i) mga layunin, mga pamamaraan, at tagal ng pananaliksik;
- (ii) anumang pamamaraang eksperimental;
- (iii) anumang makatuwirang nakikitang mga panganib, kahirapan, at benepisyong ng pananaliksik;
- (iv) anumang potensyal na kapaki-pakinabang na alternatibong pamamaraan o paggamot;
- (v) paano mapapanatili ang pagiging kumpidensyal; at
- (vi) kanino makikipag-ugnayan sa mga tanong, reklamo, at pinsala.

Kung naaangkop, dapat ding sabihin sa iyo ng imbestigador ang tungkol sa:

- (i) anumang magagamit na kabayaran o medikal na paggamot kung nagkaroon ng pinsala;
- (ii) posibilidad ng mga hindi inaasahang panganib;
- (iii) mga pangyayaring maaaring pigilan ng imbestigador ang pakikilahok ng anak mo;
- (iv) anumang karagdagang gastos sa iyo o sa anak mo;
- (v) mangyayari kapag nagpasya kang ihinto ang paglahok ng anak mo;
- (vi) mga bagong pagkatuklas na maaaring makaapekto sa pagsang-ayon mo sa paglahok ng anak mo;
- (vii) bilang ng mga kalahok sa pag-aaral; at
- (viii) kung paano mo kailangang pahintulutang gamitin ang medikal na impormasyon ng anak mo para sa pag-aaral.

Ang paglahok ng anak mo sa pananaliksik na ito ay kusang-loob, at hindi maparurusahan o mawawalan ng mga benepisyong ang anak mo kung tatangi kang lumahok o magpasiyang huminto sa paglahok. Ang pagpirma sa dokumentong ito ay nangangahulugang ang pananaliksik, kabilang ang impormasyon sa itaas, ay inilarawan sa iyo nang pasalita, at kusang-loob kang sumang-ayon na lumahok ang anak mo. Kung sumasang-ayon ka na lumahok ang anak mo, dapat kang bigyan ng isang nilagdaang kopya ng dokumentong ito at nakasulat na buod ng pananaliksik sa Ingles.

May katanungan?

Kung mayroon kang mga katanungan, reklamo, pinsala, o alalahanin tungkol sa pag-aaral na ito, maaari kang makikipag-ugnayan sa imbestigador gamit ang mga numero ng telepono na nakasulat sa buod ng pag-aaral. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga karapatan ng anak mo bilang kalahok sa pananaliksik, o kung mayroon kang mga katanungan, reklamo o alalahanin na hindi mo kayang idulog sa imbestigador, mangyaring

makipag-ugnayan sa Institutional Review Board Office ng University of Utah sa pamamagitan ng telepono o email address na nasa buod ng pag-aaral

Pangalan ng Anak

Pangalan ng
Magulang/Tagapangalaga

Lagda ng Magulang/Tagapangalaga

Petsa

Relasyon sa Bata ng Magulang/Tagapangalaga

Kinukumpirma ko na naroroon ako bilang tagapagsalin sa tagal ng proseso ng pahintulot para sa pananaliksik na ito. Kinukumpirma ko na kwalipikado ako at taglay ko ang mga kinakailangang kasanayan para maisalin sa Ingles ang wika ng magulang/tagapangalaga. Sa pamamagitan ng pagpirma sa form na ito, kinukumpirma kong buo at kumpleto ang interpretasyon ko ng palitan sa pagitan ng mananaliksik na humihingi ng pahintulot at ng magulang/tagapangalaga ng kalahok, sa abot ng aking kakayahan.

Pangalan ng Tagapagsalin

Pirma ng Tagapagsalin

Petsa